C Pagpapakasal at Pagdidiborsiyo

Bumalik sa TOP ng C Pagpapakasal at Pagdidiborsiyo

Proseso ng International Marriage

Pagpapakasal ng Hapon at dayuhan

↓

Pagtupad ng isang Hapon ng mga kondisyon sa pagpapakasal na nakasaad sa batas ng Japan. Pagtupad ng dayuhan ng mga kondisyon sa pagpapakasal ng sariling bansa

↓

Dokumentong kailangang ihanda

1 Sertipiko para sa pagrehistro ng pagpapakasal o kon'in todoke (makukuha ito sa tanggapan ng munisipyo at kailangang may lagda at tatak (natsuin) ng dalawang saksi na may sapat na gulang)
2 Kopya ng family register o koseki touhon (para sa Hapon)
3 Certificate of legal capacity to contract marriage o isang dokumentong katumbas nito (para sa dayuhan)
4 Alien registration card
5 Pasaporte etc. (bagay na nagpapatunay ng nasyonalidad)

↓

Ipadala ang papeles sa tanggapan ng munisipyo sa tinitirahang lugar ng isa sa dalawang panig na magpapakasal o di kaya'y sa munisipyo kung saan rakarehistro ang family register ng Hapon na magpapakasal

↓

Kapag tinanggap na ang mga dokumento, may bisa at kinikilala ang pagpapakasal sa Japan

↓

Maaaring agad humiling na maipagkaloob ang sertipiko ng pagtanggap ng dokumentp para sa pagrehistro ng pagpapakasal o kon'in todoke juri shoumeisho

↓

Isasagawa ng dayuhan ang proseso ng pagpapakasal sa sariling bansa.

Dahil magkaiba ang paraan at proseso sa bawat bansa, tiyakin ito sa embassy o consulate sa Japan

↓

Kapag tinanggap na ang mga dokumento, may bisa at kinikilala ang pagpapakasal sa bansa ng dayuhan

↓

Sa mga nais magpalit ng kanilang visa bilang asawa ng Hapon (spouse of a Japanese national), makipagsangguni sa immigration bureau ng inyong lugar

Pagpapakasal ng dayuhan sa kapwa dayuhan

↓

Magkaiba ang mga kondisyon ng bawat bansa para kilalanin ang pagpapakasal kaya magtanong sa embassy o consulate ng bansa sa Japan bago isagawa ang proseso.
Kapag nais isagawa ang proseso sa tanggapan ng munisipyo sa Japan, makipangsangguni sa tanggapan ng munisipyo sa lugar na inyong tinitirahan.